

# Patient Education

---

## COVID-19 at Mga Procedure Para sa Outpatient

You must carefully read the "Consumer Information Use and Disclaimer" below in order to understand and correctly use this information

### Tungkol sa paksang ito

Ang coronavirus disease 2019 ay kilala rin bilang COVID-19. Sanhi ito ng virus na tinatawag na SARS-associated coronavirus (SARS-CoV-2). Maraming operasyon o procedure na hindi emergency ang ipinagpaliban ng mga doktor at ospital. Ginawa ito sa ilang kadahilanan.

- Dapat magsuot ang mga tauhan ng mga mask, gown, at guwantes para sa karamihan ng mga procedure o operasyon. Kulang ang supply ng lahat ng item na ito at kinakailangan ng mga tauhan ang mga ito upang mapangalagaan ang mga pasyenteng may COVID-19.
- Maaaring magkaroon ng COVID-19 ang mga pasyente nang hindi nila nalalaman. Pagkatapos ay maaaring mahawahan ng pasyente ang mga tauhan at iba pang pasyente.
- Maraming taong may sakit na dulot ng COVID-19 ang inaalagaan ng mga tauhan mula sa lahat ng bahagi ng ospital. Ibig sabihin nito, hindi nila nagagawa ang mga karaniwan nilang trabaho.
- Ang ibang tao na may malubhang sakit na dulot ng COVID-19 ay nangangailangan ng makina sa paghinga upang makatulong sa kanilang makahinga. Ginagamit ng mga doktor ang mga makina sa paghinga mula sa mga operating room upang matulungan ang mga taong may COVID-19.

### Pangkalahatan

Pakiramdam ng tauhan na mas ligtas na ngayon na sumailalim ka sa iyong procedure o operasyon. Maaalagaan ka nila nang mas ligtas kaysa dati. Tatanungin ka ng tauhan kung nagkaroon ka na ng bakuna sa COVID-19 o napalapit ka sa ibang taong may COVID-19.

### Habang naghahanda ka para sa iyong operasyon o procedure, pakitandaang:

- Magpasuri para sa COVID-19 kung ipinag-utos ito ng iyong doktor.
- Puntahan ang anumang appointment upang maghanda para sa operasyon, sa pamamagitan man ng telehealth o nang personal.
- Kung hindi pa kumpleto ang iyong bakuna para sa COVID-19, maaaring kailanganin mong:
  - Mag-quarantine ng sarili hanggang sa petsa ng operasyon mo. Ibig sabihin nito, lumayo sa ibang tao hangga't kaya mo. Nililimitahan nito ang iyong mga pagkakataong malantad sa COVID-19.

- Manatili sa hiwalay na kuwarto at gumamit ng hiwalay na banyo, kung makakaya mo. Hilingin sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan na dalhan ka ng mga grocery, gamot, o iba pang item.
- Magsuot ng telang pantakip ng mukha kung kailangan mong lumapit sa ibang tao. Magsagawa ng social distancing at lumayo nang hindi bababa ng 6 na talampakan (1.8 metro) sa ibang tao.
- Dalasan ang paghuhugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo, lalo na pagkatapos mong umubo o bumahing. Gumamit ng mga alcohol-based na hand sanitizer na mayroong hindi bababa sa 60 porsyentong alcohol kung walang magagamit na sabon at tubig. Kuskusin ang iyong mga kamay gamit ang sanitizer sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo.
- Suriin kung may mga sintomas at tawagan ang iyong doktor kung ikaw ay may lagnat na higit sa 100.4°F (38°C) o mas mataas pa, giniginaw, ubo.
- Maging flexible. Maaaring kailangang baguhin ang petsa ng iyong operasyon o procedure. Ang pangunahing bagay ay tiyaking ligtas ka at ligtas kang maaalagaan ng ospital.

**Maaaring iba rin ang araw ng operasyon o ang mga gagawin sa iyong procedure. Maaaring:**

- Kunin ang iyong temperatura sa unang beses na pumunta ka roon. Tanungin ka rin tungkol sa mga pagbabakuna o anumang sintomas. Makakatulong ang pag-screen na ito sa tauhan na malaman na malusog ka at maaari kang sumailalim sa iyong operasyon o procedure.
- Bigyan ka ng mask na susuotin. Maaari mo ring makita ang mga tauhan na nakasuot ng mga mask, hindi lang sa operating room.
- Kailanganin mong pumunta nang mag-isa o kasama ng talagang limitadong bilang ng mga tao. Tiyaking dalhin ang numero ng telepono ng iyong contact person.
- Hilingin sa iyong gumamit ng teknolohiya tulad ng telepono o computer upang manatiling nakikipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan mo.
- Sumailalim ka sa iyong operasyon o procedure sa ibang petsa kung may sakit ka o nagpositibo sa COVID-19.

**Pagkatapos ng iyong operasyon o procedure, ikaw ay maaaring:**

- Umasa na makikipag-ugnayan ang kawani sa iyong contact person. Maaaring ito ay sa paraang personal, tawag sa telepono, o iba pang paraan.
- Umuwi o manatili sa ospital, batay sa kung ano ang ginawa.
- Turuan kung paano alagaan ang iyong sarili sa bahay. Kung kinakailangan, susuriin din ito ng tauhan sa iyong contact person.
- Magkaroon ng mga telehealth na pagbisita, personal na pagbisita sa doktor, o pareho.

Impormasyon sa Paggamit ng Mamimili at Pagtatatwa:

Ang impormasyong ito ay hindi partikular na payong medikal at hindi pamalit sa impormasyong nakukuha mo sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Isa lang itong maikling buod ng pangalahatang impormasyon. HINDI kasama rito ang lahat ng impormasyon tungkol sa mga kundisyon, karamdaman, pinsala, pagsusuri, procedure, paggagamot, therapy, tagubilin sa paglabas ng ospital, o paraan ng pamumuhay na maaaring naaangkop sa iyo. Dapat kang makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa kumpletong impormasyon tungkol sa mga opsyon mo sa kalusugan at paggagamot. Hindi dapat gamitin ang impormasyong ito bilang batayan ng pagtanggap o hindi pagtanggap sa payo, mga tagubilin, o mga rekomendasyon ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ang provider mo lang ng pangangalagang pangkalusugan ang may kaalaman at pagsasanay na magbigay ng payong naaangkop sa iyo. <https://www.wolterskluwer.com/en/know/clinical-effectiveness-terms>

Last Updated 4/13/22



© 2022 UpToDate, Inc. and its affiliates and/or licensors. All rights reserved.